# ROSALES

ERICK DASIG AGUILAR

Dapithapon iyon.

Sa isa pang pagkakataon, muling nasaway ang kagustuhan ni Nat tumakas panandali sa kusina upang makakuha ng kahit kaunting mameryenda o mainom man lang pagkat ginutom at inuhaw siya sa ginawang paglalaro maghapon ng tatsing ng bato, tagu-taguan at habulan-taya—na sa pagkakaalala niya'y parati na lamang siyang natataya, minsa'y nabuburot pa. Hindi niya magawang sabayan kahit kailan ang liksi at bilis sa pagtakbo ng kanyang mga pinsan at kababata. Ang huling hapon ng bakasyon na iyon ni Nat sa liblib na bahagi ng bayan ng kanyang Nanay sa Rosales, sa probinsya ng Pangasinan ay ginugol lamang sa paglalaro; kinabukasa'y hindi na naman niya makikita ang mga ito sa loob ng maraming buwan. Pasukan na naman at siya'y susunduin na kinabukasan ng kanyang Tatay pabalik ng Maynila.

Hindi magkamayaw ang Ante sa pagpapauwi sa kanilang magpipinsan. Dapithapon na't waring may naalalang bigla't napatayo ang Ante sa ginagawang pagtutupi ng mga nilabhang damit upang sila'y sabay-sabay na tawagin mula sa

bintana ng kuwartong tinutulugan ng magpipinsan. Ayaw pang magsiuwi, napilitan tuloy lumabas ng bahay ang kanilang Ante upang igiya silang isang kawan ng mga bata na edad lima hanggang labingdalawa—ang isa sa kanila'y napingot pa. Hala kayo, parating na'ng Angkel n'yo! Alam na nilang magpipinsan ito. Ang bawat hapon ay signos ng pag-uwi ng kanilang Angkel na lasing. Wala ang kanilang Inang; may pinuntahan. Saglit lang, Ante, ay! magiging lambing-pakiusap ni Nat upang makasaglit sa kusina ngunit sasagutin ito ng, hindi puwede, Balongko, nar'yan na ang traysikel ng Angkel n'yo. Walang-ganang tutungo si Nat sa banig na inilalatag nilang magpipinsan. Hahayaan lamang sila ng kanilang Ante na magtapàk at humiga sa banig kahit maalikabok pa ang mga paanan. Kung maaga-aga pa'y paghuhugasin na muna sana sila bago pumasok ng kuwarto ngunit wala nang panahon, naulinigan na ng lahat ang angil ng traysikel ng Angkel. Hindi maaring magkamali si Nat sa angil na iyon. Ayon sa kuwento-kuwento, halos lumilipad daw ang traysikel kapag ganoon. H'we? mangha ni Nat noong una. Naalala niya noong unang beses na dali-daling pinapasok sila sa kuwarto at akma sana siyang tatayo upang sumilip sa siwang ng bintana upang kahit paano'y masiguro kung totoo nga ang kuwento ng mga pinsan ngunit lagi ri'y dagli siyang masasaway ng Ante, na baka mahuli siya ng Angkel na sumisilip, na baka... Apay, Balong? Papanam? itatanong ng Ante niya; hindi makakaligtas sa wari'y nababahalang pabalik-balik na paglalakad nito sa loob ng kuwarto ang akmang pagtayo na iyon. Ditoy laeng, Ante, ay! sasabihin ni Nat habang lumilipat tungo sa bandang gitna ng banig. Maturogkayon, abutan pa kayong gising ng Angkel n'yo, pabulong-nagmamadaling sasabihin ng Ante. Wala nang magtatanong ng bakit, dali-dali silang magsisihiga; tabi-tabi ngunit hindi nagsisiksikan. Pipiliting makatulog kahit hindi pa naghahapunan. Ni minsa'y hindi napatunayan ni Nat sa sarili ang katotohanan sa kuwentong iyon.

Bumagal ang umaangil na traysikel ng Angkel sa kanilang tarangkahang gawa sa kawayan. Iniiwan na iyon na bukás; bubuhatin na lamang nang kaunti ang natatanggal na tarangkahan upang itabi at isandal sa isa pang bahagi ng mahabang bakod na gawa rin sa

kawayan. Sinadyang iniutos na ng Ante sa kanilang magpipinsan ang ganoon para lang sa Angkel. Papasok ang paangil-angil pa ring traysikel sa batuhang daan sa ilalim ng punong makopa na nasa harap ng malaking bahay. Dadaan ang traysikel sa gilid ng malaking bahay, sa bintana ng kuwartong kinahihigaan nilang magpipinsan, sa sala, sa kusina hanggang marating ang ilalim ng punong mangga sa likod-bahay na paradahan nito. Maipaparada ng lasing na Angkel ang traysikel ngunit agad na mapapamura pagkababang-pagkababa nito pagkat kamuntik itong madudulas nang matapakan ang isang nabubulok na mangga. Hindi ito ang unang beses na narinig nina Nat ang pagmumura ng Angkel sa pagpaparada ng traysikel. Nasa mga huling linggo na ng pamumunga ang mga punong mangga sa buwan na iyon kaya't natipon na sa paligid ang napakaraming nabubulok na bunga. Hinanap nito ang sanhi, dinampot at ubod-lakas na ibinato sa direksyon ng kawayanan. Ngunit sa halip na mahimasmasan makatapos ay lalo pa itong mauulol dahil tatama naman ang kanang kamay sa katawan ng traysikel. Aalingawngaw sa buong kabahayan ang paghuhumiyaw ng Angkel sa sakit. Mula roo'y mumurahin na nang mumurahin nito ang lahat, sisisihin ang lahat—bukod sa sarili—sa kinahinatnan ng kanyang buhay. Dinig na dinig ito ni Nat mula sa kuwarto, naiintindihan niya ang ilan. Ipagsisigawan ng Angkel ang pagsasalaula sa pangalan ng kanilang Inang at Tatang dahil hanggang elementarya lamang di umano ang inabot nito sa pag-aaral; sa asawa nitong matapos maanakan ng dalawang batang babae'y naglayas pagkat di na nakatiis sa pambubugbog; at maraming-marami pang pangalang hindi na ma-sino, at dahilang hindi na maintindihan ni Nat dahil sa Ilokano sinasabi. Isinisigaw nito nang isinisigaw ang Okinnayo! Okinnam! na walang direksyon. Paulit-ulit. Paulit-ulit. At tulad ng iba pang pinsan ni Nat sa kuwarto, balisa siyang maghihintay kung ano na ang susunod na mangyayari.

Titigil sa pagmumura ang Angkel. Maririnig nilang magpipinsan ang pagbukas ng pinto sa kusina sa likod-bahay. Matutumba ang isang upuang kakapitan ng Angkel nang muntik itong mapasubsob. Si Nat ang hahanapin ng Angkel pagpasok

nito sa loob ng malaking bahay. Patungo sa kanilang kuwarto ang Angkel. Tinatawag nito si Nat sa nakasanayan nang tawag sa kanya ng mga Angkel at Ante sa malaking bahay na iyon, Balong? Balong? Nasaan... nasaan ka, Balong? Kakatok ito sa kanilang kuwarto. Hindi paghingi ng pahintulot na makapasok sa kuwarto ang katok na iyon. Bubuksan ng Ante ang pinto. Alam ng lahat na mawawasak ang pinto kung hindi ito mabubuksan. Nasaan na ang Balongko? tanong ng Angkel habang nakasandal sa dingding. 'Andyan ba si Balongko? ulit niya. Pigil ng bawat isa sa magpipinsan ang kanya-kanyang paghinga, pati ang kanya-kanyang pagkamot sa balat na kinakagat-kagat ng lamok. Naturogen, patay-malisyang sabi ng Ante sabay balik sa ginagawang pagtutupi ng mga nilabhang damit.

Nakapikit si Nat. Pinipilit niyang huminga nang normal ngunit malakas ang kanyang kaba. Lalapit, hihilatang paupo ang Angkel sa nagtutulug-tulugang si Nat, Balong, gising ka pa? Aalis na ang Balongko bukas, babalik na siya ng Maynila, a! Walang galaw si Nat; nakapikit, bumuntong-hininga siya. Niyugyog siya nang marahan ng Angkel. Maggigising-gisingan siya na kunwa'y kagigising lang talaga, mag-uunat-unat, maghihikab. Bakit po? Samahan mo naman muna ang Angkel, Balong, kakain lang ang Angkel, Balongko. Opo. Kunwa'y nagising na rin ang ilan pang pinsan ni Nat nang marinig na sumagot ito. Ang iba'y nanatiling nakapikit. Tinginan ang mag-a-Ante. Hanggang gano'n lang. Balong? Opo lang, Balong? Pansin ni Nat na sapo ng Angkel ang kanang kamay nito. Opo, Angkel.

Sinamahan ni Nat ang Angkel sa kusina. Sinundan lamang siya ng tingin ng kanyang Ante at mga pinsan. Kahit kinakabaha'y inisip na lang ni Nat na makakainom na siya, na makakapaghapunan na siya. Umupo ang Angkel sa punong upuan ng mesa na puwesto ng kanilang Tatang. Ipinaghanda ni Nat ang Angkel ng makakain. Maingat niyang sinandukan ang Angkel ng ulam na pritong longganisa. Parating ulam ang nauuna; pinapapak muna ito ng Angkel bago ang kanin na sunod ding ihahain. Ngunit... ngunit sa likod ng lahat ng pag-iingat na iyon ni Nat ay mahuhulog niya ang sandok ng kanin. Muntik pa

niyang masalo ang sandok bago tumama ang hawakan nito sa sahig. Umalingawngaw sa kanyang tenga ang pagtama ng sandok sa sementadong sahig sabay sa naramdamang kung anong awa sa sarili habang nakatingin sa mga mumo ng kaning nagsaboy sa paligid ng sandok—ang ila'y nakadikit pa sa kanyang paanan. Wari'y isang napakahabang sandali ang kanyang naging pagtitig sa mumong nagsaboy bago naiangat ni Nat ang paningin. Tatambad sa kanya ang nagdudumilat na mamula-mulang mata ng Angkel. Hindi na magbibilang ang mga saglit—alam ng mag-a-Ante—papailanlang sa kabuuan ng malaking bahay na iyon ang naghuhumiyaw, nag-uumulol na pagmamakaawa ni Nat.

Wala akong maririnig, ha, Balongko, napakahinahong sasabihin ng Angkel habang sumusubo ng kanin si Nat. Nilulunok niya lahat ng nais kumawalang hikbi bukod sa pailan-ilang wen, Angkel; opo, Angkel; wen, Angkel, opo. Opo lang, Balongko? Opo, Angkel. Sumisinghot-singhot siya ngunit dahan-dahan. Iniiwasan niya ang lahat ng dahilang maaring lumikha ng tunog. Sa ilalim ng mesa'y hinahaplos-haplos niya ang hita at tagilirang tinamaan ng kung anong nahawakan ng Angkel kani-kanina. Ilang sandali niya na ring napanatili ang pananahimik ngunit wari ba'y parati nang napakatraydor ng hikbi—kumakawala itong hindi inaasahan. Nalaman na lang niyang isang hikbi ang kumawala nang dagling pumitik sa kanyang likuran ang sinturong nakapatong lamang sa mesa na matiyagang nagbabantay sa mga ganoong kawalang-pag-iingat, sa mga ganoong dahilan. Sinabi nang wala akong maririnig, ay! Isa pang hagupit sa likod at hindi na mapipigilan ni Nat ang apaw ng iningat-ingatang pagpalahaw mula sa pagtitimpi at mariing pagtikom ng mga labi. Matatapon mula sa kanyang bibig ang kasusubo pa lang na kanin. Maghuhumiyaw si Nat nang maghuhumiyaw sabay nang muli't muling paghagupit ng, Okinnam, Balong! Haan ka nga kaskasta! ng sinturon sa kanyang hita at sa kung saan-saan pa. Wala nang silbi ang pagharang ng kanyang kamay sa tatamaang bahagi ngunit ginagawa pa rin ni Nat. Huling paraan ni Nat marahil ng pagtatanggol sa sarili. Nag-uulol siya sa pagwawala hanggang kumulambo sa kanya ang isang hindi-niya-mawaring paghimbing.

Tuluyan nang nakalubog ang araw. Naglabasan na'ng iba't ibang tunog ng kulisap. Takipsilim na sa liblib na bahaging iyon ng bayan ng Rosales, sa Pangasinan. At bukas, kinaumagahan, susunduin na si Nat ng kanyang Tatay pabalik ng Maynila.

Tanghali iyon.

Nakaalis na pa-Maynila ng alas-otso ng umagang iyon ang mga magulang at bunsong kapatid ni Nat na aapat na taon. Nagpumilit muli si Nat na magpaiwan kaya hindi na nahirapan ang Nanay at Tatay na ipaunawang kailangan niya talagang maiwan dahil papataasan daw ang kanilang bahay sa Maynila, na maliit kung ikukumpara sa lawak na sinasakop ng bahay at bakuran ng Inang at Tatang. Minsa'y sinukat ni Nat ang haba ng bahay ng Inang at Tatang, tatlumpu't limang lakad! sabi niya sa sarili habang ang bahay nila sa Maynila'y umaabot lamang sa pitong hakbang. Hindi niya mabilang kung may ilang hakbang aabutin ang buong bakuran nila sa Rosales. Nakaharang ang mga puno, ang kawayanan, ang malawak na taniman ng Inang para sa sampaga, ang mga lugar na pinagbabawalan siya, silang magpipinsan na puntahan dahil daw sa ahas na nakatira roon, dahil daw sa Apo na namamahay doon. Sa Maynila, wala siyang mabibilang; walang bakuran ang bahay nila sa Maynila. Alam naman ng mga magulang ni Nat na matagal na niyang gustong magbakasyon sa malaking bahay ng mas matagal kaysa sa tatlong araw na lagi nang palugit dahil kailangan pa umanong mag-opisina ng kanyang Tatay pagdating ng Lunes. Lumuluwas sila ng Biyernes ng hapon at babalik pa-Maynila sa Linggo ring parating. Laging hindi sumasapat para kay Nat ang tatlong araw na pagdalaw, bakasyon. Isa pa'y ang dahilan ng Nanay na magiging makulit lamang daw siya, magiging sakit sa ulo sa kanyang mga Angkel at Ante—lalong-lalo na sa Inang at Tatang. Mahina na ang Tatang, Anak, hindi ka na mababantayan, 'anang Nanay ni Nat. Masyado pa raw siyang bata para magbakasyon nang mag-isa.

Ngunit noon iyon. Ngayo'y pitong taon na siya. At sa taun-taong pagpunta nila roon tuwing Mahal na Araw, Araw ng mga Patay at Pasko'y parati nang nasasabik si Nat sa huling araw at pag-alis dahil iyon din ang oras na tatakas siya't magpapasama sa isa pang

pinsan o kalaro upang magpunta sa likod-bahay. Sa gubat sa may likod-bahay. Sa maisan at tabakohan lampas ng gubat sa likod-bahay. Kaysa naman marinig ang sasabihin ng Nanay na saka na raw kapag malaki na siya, mas mainam nang magtago nang 'kaunti'. Ginagawa ni Nat ang lahat ng dahilan upang magtagal pa ng kahit ilang sandali ang bawat pagbabakasyon. Kaya ang bawat kanilang pagbabalik pa-Maynila ng mga nakaraang bakasyo'y maaantala ng isa o dalawang oras o kung minsa'y buong umaga pa dahil sa paghahanap sa kanya sa mga sanga ng santol at mangga sa likod-bahay, na umaabot pa sa tabakohan at maisan lampas ng gubat sa likod-bahay. Upang matagpuan lamang siya, silang magpinsan o magkalaro na kumakain ng inihaw na mais kasama ang may-ari ng maisang nasumpungang 'pagtaguan'. Kaya laking tuwa na lamang ni Nat na sa pagkakataong iyon na siya'y pitong taong gulang na, pinayagan siya. Sa wakas! Sa halos taon-taon na lamang na nangyayari, sa wakas! sa isip ni Nat: Malaki na siya! Makakapagbakasyon na siya!

Mababait ang kanyang mga Ante. Parati siyang isinasama sa bayan upang mamalengke. Doo'y nakikita niya ang paboritong tupig habang iniihaw gamit ang yerong pinantay. Walang ganoon sa Maynila. Panonoorin niya kung paano bilutin ng isang Manang ang tupig sa dahon ng saging. Sabi ng mga Ante'y halo raw iyon ng asukal, buko ng niyog at malagkit na giniling. Magpapaiwan siya para manood habang ang mga Ante'y namimili ng iba pang ipinunta sa bayan. Sa isa namang bahagi ng palengke'y maaamoy niya ang mga tabás nang tabako; isang hilera ng sako na ginayat at isang palumpon ng mga tabakong tuyo na ngunit malamig sa kamay. Walang mga ganoon sa Maynila. Ania araramidem dita? magiging saway sa kanya ng nagtitinda. Ngunit magtatanong pa siya, sagmamano daytoy, Nanang? Bakit, agtabtabakokan, Lakay? nakangiting sasabihin ng tindera. Haan met, nahihiyang sasabihin ni Nat sabay lalayong natatawa para pumunta sa iba pang bahagi ng palengke. May naintindihan at hindi naintindihan si Nat sa mga sinabi ng tindera. Lalayo siya't makikita naman niya sa iba pang bahagi ng palengke ang balde-baldeng bagoong at alamang na iba't iba raw ang lasa—H'we? sasabihin ni Nat na hindi makapaniwala. Hindi siya maniniwala hangga't hindi niya nalalasahan. Pero hindi

niya rin naman titikman kapag hahamunin ng nagtitinda na tikman ni Nat ang balde-baldeng bagoong at alamang. Matatapos ang pamamalengke ng kanyang Ante at pinsan. Yamot na maghihintay ang mga ito kay Nat sa abangan ng traybayk pauwi sa malaking bahay. Tatakutin si Nat ng Ante kung gusto na raw ba niyang bumalik agad sa Maynila. Haan! Haan! kasabay sa pag-iling nang pag-iling ni Nat. Sa huli'y ngingiti ang kanyang Ante at siya'y mawawalan ng agam-agam. Mabait ang kanyang mga Ante.

Gayon din ang Angkel. Mabait ito. Minsa'y nagpiprisinta ito sa pangunguha ng santol. Naroon ang lahat. Naroon lahat ng mga Nanay at Tatay. Magtatanong ang Angkel kung sino'ng may gusto ng santol. Hindi na ito maghihintay ng sagot dahil mag-uunahan pang magtatayuan silang magpipinsan at susundan ang Angkel sa may likod-bahay, sa kinaroonan ng mga punong santol. Aakyat ito sa isa. Ganoon din ang mga pinsan niyang sanay umakyat. Susubukan ni Nat umakyat pa sa mas mataas ngunit hindi niya na kaya, nalulula na siya. Kapag nakarating na ang Angkel sa ituktok ay yuyugyugin nito ang sangang may pinakamaraming bunga. Magmimistulang unggoy sa taas ng puno ang kanilang Angkel na ikatatawa nila nang ikatatawa. Magkakalaglagan ang mga bunga. Umuulan ng santol! iisipin ni Nat. Hahalo ang mga bagong hulog sa mga dati nang nahulog. Magtatakbuhan sila patungo sa mga nakita nilang kinabagsakan. Si Nat ay malilito lang dahil hindi niya ma-ano't ma-sino kung alin sa mga nagkalat na bunga ang kahuhulog pa lamang at alin ang datihan na. Makatapos ay magsisilakad na silang punong-puno ng santol ang harapan ng mga damit na ginawang sisidlan. Pagtatawanan si Nat ng mga pinsan kapag nakauwi't nagsisipagbalat na sila. Ituturo ng lahat kay Nat ang mga santol na bulok na ang loob. Si Nat ang pumulot niyan! At tumatawang ipagtatanggol ni Nat ang sarili. Mag-i-Ilokano siya kahit hindi siya sigurado kung tama. Diak man! Diak man! Ngunit mananaig ang makukulit niyang pinsan. Dayta pay! Si Nat ang may kasalanan niyan! Kay Nat din 'yan! Diak man, kunak! Pati 'yan kay Nat! Agpayso! Si Nat ang may kasalanan niyan! Agpayso! Si Nat ang may kasalanan! Hindi ako! sabay sa di-matapos-tapos na tawanan ng lahat. Mabait ang kanyang mga Ante, lalo na ang Angkel.

Kaya laking pagtataka niya, na nang lumuwas na ang kanyang Nanay at Tatay, ang kanyang kapatid, naging ganoon ang ugali ng kanyang mabait na Angkel. Tanghali iyon. Muling hinikayat si Nat ng isang Ante na samahan ang mga pinsan sa gagawing pagtuhog ng mga dahon ng tabako sa kabilang bahay, isang malaking kubo na maluwang sa silong. Lagi nang sumisigaw sa isip ni Nat, Isang bundok ng tabako! An'dami! Mas marami kaysa sa mga tuyo nang nasa bayan. Pinipili parati ni Nat ang pinakamaninipis na kawayang patpat at tabakong may pinakamatatabang puno ang dahon. Hahawakan niya ang dulong patusok ng manipis na kawayang patpat, itatapat niya rito ang pinakapúno ng dahon ng tabako at saka itutuhog. Sa kanyang isip, Barbikyung tabako! na kanyang ikukuwento, ibibida sa mga kaibigan sa Maynila. Sa kanyang mga pinsan namang sanay na, ipinapaubaya ang ibang dahon na maliliit. Diyes sentimos isang tuhog. Minsa'y makakapiso siya. Minsan nama'y dalawampiso at binteng. Pero nang tanghaling iyo'y labinlimang tuhog ang kanyang nagawa. Ibig sabihin, piso at salape. Ang mga pinsan niya, dahil sanay na'y makakaapat na piso o higit pa. Dali-dali, bibili si Nat ng paboritong sitsirya sa tindahan, di-kalayuan sa malaking bahay, habang nangingitim pa sa dagta ng tabako ang kanyang mga palad at daliri.

Naroon si Nat. Kagagaling lang ng Inang sa pagbebenta ng isda sa kanyang puwesto sa bayan. Nanghingi pa siya ng piso nang bumaba sa traybayk ang Inang. Binigyan siya tulad ng parati nang ginagawa ng Inang tuwing uuwi para sa tanghalian. Ibig sabihin, mas masaya pa ngayon dahil merong dalawang piso at salape si Nat upang maipambili ng kung anumang sitsirya. Nasa tindahan siya't kinukuha ang kanyang sukli mula sa biniling sitsirya nang naramdaman na lang niyang may kung anong kaguluhan. May naririnig siyang nagsusumigaw. Kilala niya ang boses. Nagmamadali ring nagpupuntahan sa kanilang bakod ang mga Lallakay na nakatambay lang sa kalsada't tangan ang kani-kanilang manok-panabong, ang mga Babbaket ay napatayo't nabulahaw sa paglalaro ng Bingo. Dinala si Nat ng kanyang mga paa sa isang sulok ng kanilang bakod na kawayan at doon,

nakita niya ang lahat. Kitang-kita niya na sa may bandang posoha'y nakaamba sa ulunan ng Inang ang isang batong tangan ng Angkel na lasing. Habang ang binili ng Inang na patuka ng mga pabo at manok ay nagkalat sa batuhan. Kitang-kita niya. Humahagulgol ang Inang. Unti-unti, dahan-dahang tinitipon ng Inang at muling ibinabalik sa plastik na lagayan ang natapong patuka. Nagmamakaawa ang Inang. Bukod sa Okinnam! Okinnayo! ng Angkel ay wala nang maintindihan si Nat sa sinasabi ng dalawa. Umiiyak na rin sa pagmamakaawa ang mga Ante niyang hindi makalapit. Hindi niya maitanong sa mga nakaligid kung ano ang nangyayari. Halos pumutok ang plastik ng sitsiryang kanyang binili sa higpit ng pagkakahawak. Hindi makagalaw si Nat sa kinatatayuan.

Hindi naituloy ng Angkel ang balak. May ilang kalalakihang lumapit. Namukhaan ni Nat ang mga ito, mga kainuman parati ng Angkel. Inalo-alo nila ito upang maghinay. Nasabi ng isang Lakay na katabi ni Nat na pinakalasing sa mga ito ang Angkel. Ne, okin! anang isa pa. Ni Bartek manen! bulungan naman ng mga Babbaket. Nang malayo-layo na'y gusto pa sanang balikan ng Angkel ang Inang. Nanlilisik pa rin ang anyo ng Angkel ngunit mahigpit na ang kapit sa kanya ng kalalakihang kapitbahay rin nila sa liblib na bahaging iyon ng Rosales, sa Pangasinan. Nailayo ang Angkel hanggang maipasok ng mga kainuman sa sarili nitong kubo sa likod-bahay. Agad ang naging pagdalo ng mga pinsan ni Nat at iba pang Ante sa kanilang Inang. Dumalo rin ang ilang Babbaket. Walang imikan. Humihikbi-hikbi lang ang Inang. Tinulungan ng mga Ante na makatayo ang Inang. Lumiligid-ligid, nag-aabang ang mga pabo't manok na hindi makalapit. Pinagtulungan ng magpipinsan na hanguin ang mamasa-masa nang patuka. Hindi maintindihan ni Nat ang buong pangyayari. Wala siyang mapagtanungan kung paano natapon ang patuka. Wala siyang mapagtanungan kung paano nagsimula ang lahat. Inihatid ang Inang sa sariling kuwarto nila ng Tatang sa malaking bahay. Nang wala nang tao sa batuha'y dahan-dahan namang naglapitan, nagtukaan ang mga manok, gansa at pabo sa nagsaboy na patuka.

Nagpapahinga ang Tatang habang nagaganap ang lahat. Matindi na ang pagkabingi ng Tatang. Masyado na ring malabo ang mata. Nag-altapresyon daw noong bagong taon. Naistrok si Tatang,

sasabihin ng mga pinsan kay Nat. Dahil na rin daw sa malalakas na gamot na iiinom kaya halos bingi na, sasabihin naman ng iba. Nagpapahinga, nagulat pa ang Tatang nang makaramdam ng maraming paggalaw sa paligid. Sinno dayta? itatanong ng Tatang. Apay? Ania? Ngunit nanatiling tahimik ang kanyang mga Ante. Apay? ulit na tanong ng Tatang. Kahit hindi pa lubos na natitigil sa paghikbi'y nakuhang biruin nang pasigaw ng Inang ang Tatang, Manganen, Lakay! Na tanghalian na. Na kailangan na nitong sumabay kung hindi'y baka maubos ang ulam. Sumisigaw na itinanong ng Tatang kung anong ulam, ania ti sida tayon? Hindi napigil ni Nat ang sarili, siya ang sumagot, pasigaw rin, isda, 'Tang! Ano? Isda! Paano kayo yayaman niyan? Galit na galit ang Tatang. Makapangyarihan ang boses ng Tatang. Alam ni Nat, ni minsa'y hindi nagustuhan ng Tatang ang isda. Lalo na ang gulay. Gusto niya parati'y karne. Kahit anong klase. Kambing man ito o palaka o sawa o ahas o pabo o manok o gansa o kalapati. Basta karne! Pansamantalang nawala ang anumang gumugulo sa isip ni Nat. Paborito siya ng Tatang. Hindi siya ni minsan natinag ng boses nito. Parati siyang hinahanap ng Tatang para kandungin habang nanonood ng telebisyon kapag gabi. Minsan naman, pagkatapos ng tanghalia'y tatawagin siya ng Tatang upang magpapisil, magpatanggal ng mga tuldok-tuldok na itim sa ilong at pisngi nito. Pupuwesto sila sa silong ng punong mangga sa likod-bahay. Minsa'y mapapadiin ang pag-ipit ng kuko ng dalawang hinlalaki ni Nat at mapapairi ang Tatang. Lalabas ang mga puti-puti sa ilalim ng tuldok-tuldok na itim sa ilong at pisngi ng Tatang sabay pupunasin ito ni Nat ng bulak na nilagyan ng alkohol. Aray-aray-aray! Agurayka! Agurayka! reklamo ng Tatang at matatawa si Nat. Bibigyan siya ng dalawang piso pagkatapos. Wiling-wili si Nat tuwing makikita ang Tatang. Tuwing pinagmamasdan ni Nat ang Tatang. Matabang-mataba! Halos di magkasya sa tumba-tumba sa may balkonahe ng malaking bahay na iyon.

Naaalala parati ni Nat ang nangyari noong magpapasko, tatlong taon na ang nakararaan: dali-dali na lamang silang ipinatawag lahat sa loob ng bahay at madaliang pinasakay sa dyip na ginagamit sa pagkuha ng banye-banyerang isdang ititinda ng

Inang mula sa pantalan. Pinagmadali silang lahat dahil di umano'y may ahas sa likod-bahay na kasalukuyang nilalabanan ng Angkel at Tatang. Baka raw makapasok sa loob ng bahay. Lahat ng babae at bata'y nasa loob lamang ng dyip. Ni hindi man lang sila pinayagang makita mula sa bintana ng dyip ang mga nangyayari. Gusto sana niyang makita ang galaw ng Tatang sa paglaban dahil sa katabaan nito ngunit sinasaway siya ng ilang Ante kapag nagtatangkang sumilip sa bintana ng dyip. Maya-maya'y pinababa sila. Nagtakbuhan pa silang magpipinsan para makita ang ahas. Nagkalat ang malalaking bato sa likod na mula sa may poso. Pinagmasdan niya ang pitpit na pitpit na ulo ng ahas. Sabi ng Angkel ay mas mataba pa sa dos-por-dos at mas mahaba pa sa dyip. Hindi alam ni Nat kung ano ang dos-por-dos. Nakita ni Nat nang sukbitin ng Tatang ang ahas at dalhin sa kusina. Ang Tatang ang kumatay sa ahas. Pinagmasdan nilang magpipinsan at ilang kalaro ang Tatang nang tagain ang durog nang ulo ng ahas, nang ito'y balatan, nang ito'y iprito. Nagtanghalian sila ng pritong ahas! Unang beses makakakain ni Nat ng ahas. Habang kumakai'y kinakausap si Nat ng isang pinsan. May ahas ka na diyan sa tiyan mo, ay! sabay tawa. Hindi papansinin ni Nat ang sinasabi ng pinsan dahil masarap ang naging pagkain niya sa ahas nang tanghaliang iyon. Kukuha si Nat ng isa pa at ilalagay sa plato niya. Nakangiti lang ang mga Ante at ang Angkel. Halos di maubos-ubos ang ulam. Umabot pa hanggang hapunan. Tatlong taon na iyon. Ngayo'y bingi na ang Tatang. Nag-iisa na lamang matandang lalaki sa malaking bahay ang Angkel. Maliban na lang kung bakasyon at nagdaratingan din ang iba pang Angkel na nakapag-asawa na at piniling hindi mamalagi sa malaking bahay. Kung umuuwi man sa malaking bahay ay hindi rin nagtatagal.

Nananghalian silang halos hindi imikin ang isa't isa. Huwag kang mangalumbaba kapag kumakain! Malas! saway kay Nat ng isang Ante. Subo lang nang subo! Pasigaw na magtatanong ang Tatang tungkol sa kung ano at sasagutin naman siya ng kanyang mga Ante o Inang nang pasigaw din. Natapos ang tanghalian sa utos sa kanilang magpipinsan na maghugas na ng pinagkainan pagkatapos. Sinabuyan na lang nila ng tubig ang batuhang natapunan ng patuka. Ang sabi'y baka raw pag inabutan pa iyon ng Angkel ay

muli na namang mapagdiskitahan ang Inang. Walang telepono sa malaking-bahay, gayon din sa Maynila. Hindi malalaman ng magulang ni Nat ang nangyari.

Gabi iyon.

Ilang gabi mula nang maganap ang insidente sa poso. Halos gabi-gabi na lang iniisip ni Nat ang nangyari. Mabait naman ang Angkel, a. Bakit nagkaganoon? Bakit? Lalaging gumugulo ang mga tanong at pagtataka sa isip ni Nat. Kapag ganoo'y natatagpuan ni Nat ang sariling nakatingala sa langit. Pinagmamasdan ni Nat ang mga bituin mula sa labas ng bintana ng kanilang kuwartong tulugan. Kapag naroon lamang siya sa Rosales nakakakita ng sanlibo't isang ganoon. Hayun ang 'tabo'! sasabihin ni Nat sa isang pinsan habang nakaturo sa ilang bituin na hugis tabo, Hayun naman ang Orion. Saan ngay? litong tanong naman ng pinsan. At hindi na matatapos ang gabi sa pagtuturo ni Nat ng iba't ibang hugis ng bituin na natutunan niya sa klase sa Maynila. Gayong pagkamangha at pagkalito rin ang tama kay Nat habang ipinapaliwanag naman ng isa pang pinsan ang pagkakaiba ng mga hugis ng dahon ng iba't ibang puno sa gubat. Ito, santol, tignan mo, maraming nunal, sabay magtatawanan sila. Ito naman, kamatsile. Ito, dayap. Halos hindi rin matapos ang paliwanag ng kanyang pinsan sa mga dahon at bunga na maari at hindi maaring kanin sa gubat sa may likod-bahay. Madalas sinasarili ni Nat ang pagtatanong ngunit madalas rin ay makakahanap siya ng sagot, o mga sagot. Alam niyang makakahanap siya ng sagot. Napapangiti pa siya minsan sa mga maiisip. Ang mga ito'y hindi niya rin sasabihin. Walang makakaalam sa iniisip ni Nat. Ngunit iba ang nangyari sa may poso. Naiiba ito. Hindi siya makahanap ng sagot. Sa ilang panahon ng pagpunta rito ni Nat ay nalaman niyang hindi kasing dilim ng langit sa Maynila ang langit sa Rosales. Malabo ang mga bituin sa Maynila ngunit hindi naman pala sila nagbabago ng posisyon. Ang mga bituin, parating ganoon. Iyon at iyon ang mga bituin na nakita na niya sa ilang pagpunta sa malaking bahay. Mas maliwanag pa dahil parating namamatay ang ilaw sa malaking bahay, lalo kapag gabi. Parating namamatayan ng ilaw ang buong

Rosales. Kapag ganoo'y natatagpuan ni Nat ang sarili sa tabi ng bintana upang tanawin ang mga bituin. Makakakita si Nat ng ilang alitaptap at maiisip niyang bumaba ang mga bituin upang magpahinga siguro sa gubat, sa bakuran ng malaking bahay. Pipilitin niyang aninawin sa dilim ng labasan ang layo ng kanyang kinalulugaran pa-gubat, ang lugar na tinutungo ng mga alitaptap.

Kakalabitin siya ng mga pinsan para yayaing magkuwentuhan ng nakakatakot. Parati silang nagkukuwentuhan ng nakakatakot. Tulog na ang Angkel sa kubo nito sa likod-bahay, sasabihin ng isa. Minsan nama'y alam na nilang mag-a-Ante na mawawalan ng ilaw kaya yayayain nila ang Inang na magluto ng tsokolate. Alam niya, iyon ang mga kakaw na pinipitas nilang magpipinsan at tinitipon ang mga buto sa isang bilao kapag Pasko. Mabuti at nakapagtabi pa rin ang Inang nang nakaraan kahit hindi sila nakauwi dahil kapuputok lamang daw ng Pinatubo at hindi madaanan ang mga kalsada. Sabi ng Tatay: Hindi puwede! Ganoon din nang malaman ng Nanay na na-istrok ang Tatang dahil sa altapresyon. Hindi puwede! Wala pang maayos na daan, paliwanag ng Tatay. Pinatutuyo ang mga buto nang mahigit sa isang buwan at itinatabi para sa Mahal na Araw, para sa bakasyon. Dahil kapag nagkayayaan na ng kuwentuha'y panonoorin nila ang mga Ante sa pagsangag ng mga buto sa malaking kalan. Ilalabas nila ang mga almires; sa kanilang mga paslit mapupunta ang gawain ng pagtatanggal ng balat ng butong sinangag at pagdikdik na parang wala nang katapusan. Nakatanghod sa kanila ang mga gaserang sinindihan ng magkayayaang magtsokolate. Magsisimula ang kuwentuhan habang nagdidikdik. Magpapakulo na rin ng tubig ang mga Ante. Merong reserbang tsokolate ang Inang. Ito ang pauna munang lulutuin. Kapag luto na ang tsokolate'y lilipat sila sa balkon at doon itutuloy ang naudlot na kuwento habang nagdidikdik. Muli na namang mabubuhay sa mga kuwento ng mga pinsan at Ante ang maraming maligno't nilalang ng lupa na nakatira raw sa gubat sa likod-bahay. Titingin ang Ante sa may dakong kawayanan para sabihing naroon ang maliliit na taong maiitim at masisilip lamang daw kapag nag-aagaw-dilim na sa isang siwang sa dingding ng malaking bahay na nakatapat sa kawayanan.

Hindi maintindihan ni Nat kung bakit takot na takot ang kanyang mga pinsan. Minsa'y hinanap niya ang siwang na sinasabi. Nakita na raw nila noon pa kung nasaan ang siwang na sinasabi ng Ante. Itinuro kay Nat ang isang sawaling dingding ng kusina. Nag-abang si Nat na magtakipsilim. Ngunit nang sumilip siya'y laking dismaya ni Nat dahil ang nakita niya lang ay ang Angkel na nagsasaboy ng patuka sa mga pabo at manok at gansa. Hindi naman totoo, ay! sasabihin ni Nat sa katabing pinsan. Ako nga! Sisilip ang pinsan sabay sasabihing, baka nahihiya. Bago ka lang dito, ngay! Hindi pa 'yon magpapakita sa'yo, a! Na tatanungin naman ni Nat ng, Apay ngay? Nagpakita na ba se'nyo? Hindi pa rin, ay! sagot naman sa kanya ng pinsan. Gustong-gusto ni Nat makita ang mga maligno. Gusto ni Nat na sila'y makilala. Matatapos ang kuwentuhan at pagtsotsokolate at sila'y isang kawan na naman ng mga batang magbabalikan sa kanilang kuwartong tulugan. Agbuggo kayo ti saksakayo bago kayo maturog, sasabihin ng Ante. Tangan ang gasera'y pupunta muna sila sa banyo para magsipaghugas ng mga paa.

Hindi makatulog si Nat. Muli siyang nagpunta sa tabi ng bintana at tumanaw sa labas. Wala na ang mga alitaptap. Naging maulap ang langit at wala na rin ang bituin. Naihi si Nat. Habang papatulog na ang iba niyang pinsa'y nagpaalam si Nat sa Ante na iihi lamang sa labas ng bahay. Hindi sa banyo dahil walang ilaw, masyadong madilim, kaya sa labas na lang daw. Nagpahabol pa ng panakot ang mga pinsan. Magpapakita raw sa kanya ang Apo! Pagkalabas na pagkalabas sa may balkonahe'y nagmadali siyang pumunta sa gubat. Habang lumilingon-lingon sa may bintana ng kanilang kuwarto dahil baka nakasilip ang kanyang Ante. Tulog na ang Angkel, sabi niya sa sarili matapos ang ilang saglit ng pagmanman kung gising pa ito. Patay rin ang gaserang ilawan ng kubo nito. Nilampasan niya ang malaking puno ng mangga, maging ang traysikel na nakaparada sa ilalim nito. Napakadilim. Bumubulong si Nat. Kayokayo, Apo! Kayokayo, Apo! Dumire-diretso lang siya ngunit dahan-dahan na lang dahil maingay ang nadudurog na mga tuyong dahon sa kanyang nilalakaran. Marami siyang naririnig na tunog ng mga kulisap. Bumubulong

siya, Kayokayo, Apo! Kayokayo, Apo! Sinundan niya ang daan ng mga baka at kalabaw papuntang maisan at tabakohan, lampas ng gubat. Kayokayo, Apo! Kayokayo! Nilampasan niya ang kawayanang sinasabing pinagpapakitaan ng maliliit na taong maiitim at masisilip lamang daw kapag nag-aagawdilim na sa isang siwang sa dingding ng malaking bahay na hindi naman pala totoo. Kayokayo! Kayokayo! Papalakas nang papalakas ang kaba ni Nat. Paano na lang kung may ahas? Tumigil siya sa tapat ng isang puno ng santol sa may daan at naghintay. Baka may magpakita. Kayokayo! Nasa mga ulap ang buwan. Napakadilim. Humangin. Lumikha ng kakaibang tunog ang nagkakalaglagang dahon. Maingay ang pag-ingit ng kawayanan dahil sa hangin. Maingay ang mga kulisap ng gabi. Kayokayo, Apo! Kayokayo, Apo! Isang beses pa siyang naihi. Napakadilim. Bumubulong na siya sa hangin na sana'y... Ngunit walang nagpakita. Dismayadong bumalik si Nat sa kanilang kuwarto. Wala naman palang totoo. Magtataka na lang si Nat sa kanyang pagbalik dahil itatanong ng mga naroon sa kuwarto kung may nakalimutan daw ba siya. Anila'y kalalabas lang niya ng kuwarto at pumasok na siya agad! Naguluhan si Nat. A? Ambilis mo naman, tanong ulit ng isang pinsan. A? ulit na sagot ni Nat. Hindi siya agad nakapagsalita. Ang alam niya'y matagal-tagal din siyang nasa labas ng bahay. Nakaihi na siya. Iyon na lang ang kanyang nasabi. Hindi niya naintindihan.

Nagkasipon siya kinabukasan. Sinabi niya sa isang pinsan ang ginawang pagpunta sa gubat kagabi. Mamaya'y alam na ng lahat sa buong bahay ang nangyari. Pinagalitan siya ng Inang. Muntik na raw siyang kunin ng Apo! Naghanda ang Inang ng dalawang bao ng niyog at ito'y nilagyan ng kanin at sa isa pa'y ng nilutong ulam para sa tanghalian. Hinanap ng Inang ang natirang kandila mula kagabi. Hindi naman galit ang Inang. Ni minsan nama'y hindi niya nakitang nagalit ang Inang. Parati itong nakangiti kapag kanyang kausap. Ipinabitbit ng Inang ang dalawang bao kay Nat. At sila'y tumungo na sa sinasabing puno na pinagtayuan ni Nat nang matagal. Pinapanood ng iba pa niyang pinsan at kalaro ang nangyayari. May ibinubulong ang Inang nang iwan ang dalawang bao sa paanan ng puno. Hindi na niya naitanong kung anong puno iyon. Anang isang pinsan ni Nat, wala raw gagalaw ng mga nilagay nila doon. Alam na

raw ng mga tagaroon na iyon ay para sa Apo. Sa hindi kalayua'y naririnig nilang lahat ang impit ng isang baboy na kinakatay. Parang alam ni Nat kung nasaang parte ng gubat nangyayari ang pagkatay. Nagpaalam siya sa Inang kung puwede siyang pumunta roon ngunit hindi siya pinayagan. Delikado! sabi ng Inang. Sila'y tahimik na bumalik sa malaking bahay. Malakas ang hangin. Lumalagitik ang mga tuyong sangang maliliit na kanilang natatapakan. Ang mga dahong tuyo nama'y nadudurog.

Hapon iyon.

Si Nat ang sadyang pakay ng Angkel nang ito'y malasing nang hapong iyon. Iyon ang una. Naabutan siyang naliligo sa poso at hindi na niya maalala kung paano nagsimula at natapos ang lahat. Nakatalikod siyang nagbubuhos ng tubig matapos ang pagsasabon nang hindi niya namamalayang nakalapit na ang Angkel. Hindi na siya nakatakbo nang biglang hawakan siya ng Angkel sa braso at hagupitin na lang ng sinturon. Haan ka nga kaskasta, a! Haan ka nga kaskasta, a! Ibinubulyaw sa kanya ng Angkel habang humahagupit, lumalatay sa kung saan-saang bahagi ng kanyang katawan ang sinturon. Parang noong unang beses niyang nakita ang Angkel at Inang sa poso ngunit sa pagkakataong ito'y siya naman ang pinapanood ng mga kababata, kalarong nasa labas ng bakod na kawayan. Siya naman ang pinapanood ng mga pinsan, ng mga Ante, ng Inang. Nagmamakaawa sila. Siya naman ang pag-uusapan ng mga Lallakay sa saglit na pagkaantala ng kanilang pagbubughan ng usok-tabako sa kani-kanilang manok-panabong habang ang isang Baket namang ang baga ng tabakong nasa bibig ay nasa loob ng bunganga ay mauudlot ang pagsigaw ng Bingo! Siya, si Nat, na anak ni ganito at ganyan na nagbabakasyon lang! Okinnana! bulalas ng matandang may-ari ng tindahan binibilhan ni Nat ng mga sitsirya kapag tanghali. Nagmarka sa likod at hita ni Nat ang sinturon. Mula noo'y marami na siyang kinatakutan.

Naulit iyon nang naulit. Maraming dahilan. Minsa'y naburot sa tagu-taguan ang pinsan niyang babae na anak ng Angkel. Minsa'y tinangka niyang isumbong ang pagkahuli niya sa pinsang ito sa aktong pangungupit ng pera sa kuwarto

ng Inang at Tatang. Minsa'y nakabasag naman siya ng isang baso. Minsa'y nakalimutan daw niyang patayin ang ilaw sa banyo. Minsa'y inabutan siyang nagpapatuka ng mga manok, pabo at gansa nang wala sa oras. Minsa'y ang Angkel mismo ang nakahuli sa kanyang nangangalumbaba habang kumakain. Dumami nang dumami ang kinatatakutan ni Nat. Hindi na niya mawari kung kailan siya 'makakatikim' ng latay. Kung ano ang dahilan. Kung paano ito nagsimula. Kung bakit ito nagsisimula. Hindi na alam ni Nat kung dahil ba sa mga nangyayari o siya mismo ang dahilan kaya siya naging 'paborito' ng Angkel. Hindi na siya nabibigyan ng pagkakataong makapag-isip ng dahilan. Nagpapahinga ang Tatang sa kuwarto. Walang telepono sa Maynila. Hindi makararating sa magulang ni Nat ang mga nangyayari.

Madaling-araw iyon.

Nanaginip si Nat. Panaginip na nagsimula kinamadaling-araw noong mismong hapon na abutan siya ng Angkel na naliligo sa poso. Bigla na lang magigising si Nat kapag madaling-araw. Ang mga bata! Nasa biyahe sila ng kanyang pamilya papuntang Rosales nang bakasyong iyon. Hindi sila nakapunta nang nakaraang Pasko. Sakay sila ng owner nilang sasakyan. Katatapos lang ng pagputok ng bulkan nang nakaraang taon. Hindi niya alam kung anong ngalan ng bulkan nang panahong iyon. Hindi niya alam kung anong buwan o taon iyon pagkat ang bawat araw ng pagpasok sa eskuwela para kay Nat ay pag-aasam parati ng bakasyon at bakasyon lamang; na maaaring Pasko o Araw ng mga Patay o Mahal na Araw o bagyo o simpleng pagdedeklara na walang pasok. Walang kinalaman ang taon. Parang sa isang ordinaryong araw ng pasok sa eskuwela na ang pinananabikan ng mga estudyante ay ang rises at hindi ang mga klase at assignment na maaring ginawa o hindi ginawa. Bakasyon. At parati nang ang mga araw na walang pasok ang pinakapinananabikan ni Nat. Grade one noon si Nat. Katatapos lamang ng unang buwan ng klase. Ipinagtaka na lang nilang magkakaklase nang isang hapo'y namuti na lamang ang kanilang mga buhok. Namuti na lang ang kanilang mga upuan, ang kanilang mga mesang sulatan, ang sahig. Nawalan ng pasok. Narinig niya lang sa telebisyon ang

'pinatubo'. Akala niya'y ang bulkan ay pinatubo at ito'y sumabog dahil sa sobrang pagtubo. Sino ang nagpatubo? Saan pinatubo? Bakit pinatubo? Anong sumabog? Sumabog? Sumasabog ba ang pinapatubo? Paano? Sinasarili niya ang pagtatanong. Humahanap lamang siya sa sarili ng mga maaaring sagot. Hindi niya itinanong kahit kanino ang mga iniisip. Nakokontento na siya sa mga sagot na naiisip. Naisip niya minsan, Isno tulad ng nasa tibi! Kaya nang nasa daan sila makalampas ng expressway papuntang Rosales nang bakasyong iyo'y naitanong niya sa sarili kung bakit bigla na lamang naging abuhin at maalikabok ang buong kalsada, mabuhangin ang buong paligid. Hindi naman ito isno, a? Hindi naman ganito ito noong nakaraang taon. Ano yan, 'Tay?

Lahar yan, sasabihin ng Tatay. Yan lahat? Oo, anak. A... nasasabi na lang ni Nat habang sa isip niya'y, Isno 'yan, pero parang hindi rin 'ata 'yan isno? Naguguluhan na si Nat. Abala siya sa pagtingin sa mga nadadaanan nila. Lahar, sabi ng Tatay. May pasok pa'y naririnig na niya ito sa titser nila ngunit hindi niya naintindihan. Mahirap ang daan. Maraming bakong bahagi ang daan. Walang kalsada. Minsa'y kinailangan pa iahon ang kanilang owner ng ilang kalalakihan dahil hindi ito makaahon sa isang bahagi ng lubak na mabuhanging daan. Masyadong maalikabok. Magkakasunod lang na binabagtas ng mga sasakyan ang buhangin. Mahirap makita ang daan. At pilit tinatakpan ng Nanay ang lahat ng butas na maaring pasukan ng alikabok habang kandong ang bunsong kapatid na aapat na taong gulang. Pinalipat na lang ang kanyang kapatid sa likod ng upuan ng owner dahil sa pag-aasikaso ng Nanay sa mga butas na maaring pasukan ng alikabok. Nakita ni Nat sa paligid ang mga bata, Mamà at Aleng nakatayo sa gilid ng maalikabok na daan. Ang mga bata! Maiitim sila. Kulot ang buhok. Ang iba'y unat. Matatag kung sumalubong ng tingin. Lahat sila'y malalabo't abuhin ang kulay ng suot na damit. Tumititig kay Nat ang ilan. May kinakaing biskwit ang Nanay niya. Itinali ng Nanay ang plastik na lagayan ng natitirang biskwit at itinapon iyon sa isang butas ng bintana ng sasakyan. Nagtakbuhan ang mga batang maiitim ang balat. Hinabol nila sa usok at alikabok ang kinabagsakan ng plastik. Nakita ni Nat na may nakakuha ng

plastik. Pinag-agawan nila iyon. Walang ano-ano'y napatawá si Nat. Napatawá siya sa nakikitang dambulan. Dagli siyang sinaway ng Nanay ngunit hindi niya maintindihan bakit. Nagpaliwanag ang Tatay kung bakit hindi dapat ganoon ang asal niya ngunit hindi niya ito naintindihan o kung naintindihan ma'y dagli ring nakalimutan dahil sa ibang direksyon siya nakatingin at hindi naman talaga nakikinig. Hindi na rin niya naintindihan ang panaginip dahil kung saan-saan na ito napunta. Parating ganoon ang panaginip ni Nat. Sa panaginip niya'y magtatakbuhan ang mga bata patungo sa kanilang owner at pilit ilulusot ng mga ito ang kamay sa mga butas ng sasakyan na hindi na tinatakpan ng Nanay ni Nat. Idinidikit pilit ng mga bata ang mga mukha nila sa plastik na bintana ng owner. Walang makikitang ibang tanawin si Nat kundi mga mukha. Bakit? tinatanong ni Nat nang tinatanong, Umaandar naman ang owner, a? Bakit nandoon pa rin ang mga bata? Bumubulong ang mga bata. Sabay-sabay. Si Nat! Si Nat ang may kasalanan! Mga mata. Si Nat! Ang may kasalanan, si Nat! Mga bibig. Si Nat! Mga kamay. Si Nat! Patuloy lang na magdadrayb ang kanyang Tatay. Ang Nanay nama'y kumakain lang ng biskuwit. Mahihintakutan siyang hindi niya maintindihan. Nay! 'Yung mga bata, Nay! Nay! Lalaging magigising si Nat sa mga madaling-araw na 'yon na nakatitig sa kisame ng kuwartong kanyang tinutulugan. Mahimbing na natutulog ang kanyang Ante at mga pinsan.

Umaga.

Gigisingin si Nat ng Inang. Isisingit sa kanya ng isang pinsan na hinimatay siya kagabi habang kasama ang Angkel. Biglang aaringking sa sakit sa tagiliran ang pinsang ito dahil sa kurot ng isang Ante. Nasa paligid niya ang iba pang pinsan. Paparating na raw anumang sandali ang kanyang Tatay upang sunduin na siya pauwi ng Maynila. Pinagligo agad siya ng Inang para maisukat niya ang binili nitong pantalon. Hindi nagtinda ang Inang nang araw na iyon. Nagpunta lang ito ng bayan upang bumili ng pantalon. Bumangon si Nat. Marami siyang masakit sa katawan ngunit pinilit niyang bumangon. Naglakad siya patungo sa banyo upang maligo. Hindi sa poso. Matagal nang hindi naliligo sa poso si Nat. Natapos siyang maligo. Sukat na sukat ang pantalon sa kanya. Regalo raw ng Inang

dahil paalis na siya. Pinabaunan din siya ng mga buto ng kakaw na napatuyo na pero hindi pa nasasangag. Ang Nanay na raw ni Nat ang bahala roon. Alam na ng Nanay ni Nat ang gagawin. May mangga pa at santol. Inakyat daw ng Angkel kani-kanina bago pa magising si Nat. Nakaalis na rin daw ang Angkel para mamasada ng traysikel matapos makapamitas. Nag-almusal si Nat kasama ang pinsang nakurot. Babalik ka? tanong nito na hindi masagot ni Nat. Tahimik lang siyang nag-almusal. Hindi nagtagal ay narinig na nila ang potpot ng isang traybayk. Dumating na ang Tatay ni Nat. Sinabihan siya ng Inang na magpaalam na sa Tatang. Mag-uusap lamang daw panandali ang Inang at ang Tatay. Pumasok siya sa kuwarto ng Tatang para magpaalam. Inabutan niyang nakaupo malapit sa dungawan ng bintana ang Tatang. 'Tang! Aalis na ako, 'Tang! sigaw ni Nat. Na sasagutin din ng Tatang nang pasigaw, Ano? aalis ka na, ay? Ba't ambilis naman, ay? Lampas isang buwan na, Tang! Pasukan na sa susunod na Lunes! Ano? Pasukan na? Anong araw na ba? Hindi ko alam, 'Tang! May hinugot ang Tatang na kung ano sa bulsa nito. Bente pesos! Binibigyan siya ng bente pesos ng Tatang! Sumisigaw na nagpasalamat si Nat. Nangiti siya. Magic yan, magic, tatawa-tawang sasabihin ng Tatang. Nangiti siya. Sinong kasama mo, ay? Si Tatay, 'Tang! A, dumating na? Tawagin mo nga! Sandali lang! Nangiti siya. Sa isip niya'y mas madali talagang makinig na lang sa Tatang kaysa makipag-usap dito. Hinihingal si Nat tuwing kinakausap ang Tatang. Lalabas si Nat panandali't aabutan ang Inang at Tatay niya na nag-uusap. 'Tay, kausapin daw po kayo ni Tatang. Pupunta siya muli kasama ang Tatay sa kuwarto ng Tatang. Muli silang magsisigawan sa pagkakamustahan at pagpapaalamanan. Hindi na nagtagal sina Nat at ang kanyang Tatay. Mga tatlumpung minuto'y nagsabi na ang Tatay ni Nat na kailangan na nilang umalis. Ang mga pinsan ni Nat ay nanghingi sa kanyang Tatay ng ilang piso pambili ng tsitsirya. Nagbigay ang Tatay ni Nat ng sampung piso. Saglit lamang na nagkape ang Tatay habang patuloy na kinakausap ang Ante. Medyo nakapag-almusal na rin daw ito sa daan. May mga kailangan raw kaagad asikasuhin ang Tatay pag-uwi sa Maynila. Hindi malaman ng kanyang mga Ante kung ngingitian

siya habang inihahatid sa traybayk. Nangiti muli si Nat ngunit agad din itong napawi. Wala sa kanyang mga Ante na naroon ang nagsabing bumalik siya ulit. Kahit ang karamihan sa mga pinsan niya'y tahimik din.

Tahimik na sumakay ng traybayk si Nat. Inaantok ka pa, 'Nak? tanong ng Tatay. Opo. Hindi makatingin si Nat nang diretso sa nakikitang mga mukhang pamilyar na nasasalubong nila habang tuluyang papalayo sa malaking bahay ang traybayk. Humabol pa ang ilang kalarong parati niyang kasama sa pagpunta sa maisan o sa pagtutuhog ng tabako. Nat! Isinisigaw nila. Nat! Nat! Ngunit isang hindi matantiyang ngiti lang ang kanyang naipalit sa pagkadismaya nang parati nang mga kasama sa paglalaro o pagtatago sa may maisan. Pagdating sa baya'y lumipat sila ng sasakyang traysikel padiretso ng mismong terminal ng mga bus sa may Carmen. Muling dinaanan ng traysikel ang maabo pang palayan lampas ng bayan hanggang sa terminal. Ganito rin noong bumiyahe sila isang buwan na ang nakararaan. Pagdating sa terminal, nauna siyang umakyat sa aircon na bus. Inayos pa ng Tatay ang paglalagyan ng mga padala. Hindi agad dumiretso si Nat sa kalooban ng bus. May kung anong pumipigil sa kanya. Hindi katulad ng parating nangyayari kapag sira ang owner na sasakyan at mamamasyal sila sa Maynila, magbubus sila. Mag-uunahan pa si Nat at kanyang kapatid sa puwesto na katabi ng bintana. Hinintay lang ni Nat ang Tatay sa tabi ng drayber. Nang makaakyat ang Tatay ay iginiya siya sa upuang katabi ng salaming bintana. Alam ng Tatay na gusto ni Nat ang puwestong ito. Nag-akyatan din sa loob ng bus ang ilang Lakay at Baket para mag-alok ng tupig o tsitsaron. Mas maraming nag-aalok ng tupig sa labas ng bintana. Nakahilera sa terminal ang tindahan ng suka at bagoong na iba-iba raw ang lasa, na parang pinaniniwalaan na rin ni Nat, sa kung anong dahilan, pero sa loob-loob niya'y hindi pa rin siya sigurado. Hindi nagtagal ay nagsimulang bumaybay ang bus sa kahabaan ng MacArthur Highway. Nakatingin lang si Nat sa malayo, sa mga bahay, sa mga puno ng mangga, kamatsile at iba pang punong mabilis na lumilisan sa kanyang paningin bago pa maisip ang ngalan ng mga iyon. Napansin ni Nat ang mga palayang walang nakatanim. Tahimik sa kalooban ng bus. Di kalauna'y naging maalikabok ang daan. Isang

pamilyar na lugar. Ang mabuhanging daan. Waring idinuduyan ang bus ng mga nadadaanan nitong lubak. Naalimpungatan ang ilang nakaidlip na. Wala pa rin ang mga kalsada. Puro buhangin. Muling nakita ni Nat ang mga bata. Naroon pa rin sila. Maiitim sila. Kulot ang buhok. Ang iba ay unat. Matatag kung sumalubong ng tingin. Lahat sila'y malalabo't abuhin ang kulay ng suot na damit. Tumititig kay Nat ang ilang bata. Sinasalubong nila ang alikabok dahil may maghahagis ng mga kung ano. Mag-uunahan sila sa pagkuha sa kung anumang inihagis na iyon. Magtatanghali na at matindi ang sikat ng araw. Anyong kakalasin ng Tatay ang buhol ng kurtina sa bintana ni Nat. Mainit, 'Nak, anuhin natin 'yang kurtina mo, saglit. Kakalasin ng Tatay ang buhol ng kurtina. Ngunit pipigilan ni Nat ang tuluyang pagtabing ng kurtina sa nagaganap sa daan. Mapapatingin si Nat sa kanyang Tatay. Magtatama ang kanilang paningin. Hindi niya mamamalayan ang sadyang parati nang napakatraydor na hikbi. Kumakawala ito nang hindi inaasahan. Bakit, 'Nak? Hindi niya mapipigilan ang sarili: mapapahikbi si Nat. 'Nak, bakit? Tanong ng Tatay habang parang napahiyang isinisiksik nang isinisiksik ni Nat ang kanyang mukha sa katawan ng Tatay. Sa sarili mismo ni Nat ay hindi niya mawawaan ang mga nangyari. Marami siyang gustong itanong ngunit napaiyak na siya. Hindi na siya makangiti sa mga tanong na dumadalaw sa isip niya. Parang may kumawala sa kanyang isang napakatagal nang kinikimkim. Ano'ng nangyayari, 'Nak? Humagulgol siya. Binasag ng kanyang palahaw ang katahimikan sa buong kalooban ng bus. Napapatingin na sa kanilang direksyon ang mga Babbaket at Lallakay na naroong paluwas din pa-kung-saan. Natigil sa pag-aayos ng pagkakaupo ang ilang pauwi nang bakasyunista. Anyong lalapit ang konduktor ngunit haharang ang ulo ng isang batang nag-uusyoso. 'Nak, bakit? Humagulgol si Nat sa napayakap na niyang Tatay. Pinupunasan ng palad nito ang mga mata ni Nat na pikit na pikit. Isang bata ang tumayo sa kanyang upuan upang silipin ang nangyayari. Humagulgol si Nat nang humagulgol sa hindi matantyang pagkabigla ng kanyang Tatay.

***